

PUBLIC ADVISORY

PAALALA SA PUBLIKO TUNGKOL SA HINDI AWTORISADONG PAG-GAMIT NG PANGALAN, LOGO NG SEC AT IMAHE NI SEC CHAIRPERSON FRANCIS E. LIM

Mahigpit na binabalaan ng Securities and Exchange Commission (SEC) ang publiko laban sa mga indibidwal o grupong mapanlinlang na gumagamit nang walang pahintulot ng:

- Pangalan at logo ng SEC;
- Larawan at pangalan ni SEC Chairperson Francisco Ed. Lim; at
- Mga pekeng “approval,” “endorsement,” o “accreditation” na kunwari ay mula sa SEC.



Chayo Capital Loan

1.7K followers • 7 following

Chayo Capital Loan, helps you get approved loans easily — 6–36 months terms, verified, and trusted for Filipinos. “achieve your goals.

✓ Loan Amount: PHP 50,000 to PHP 2,000,000

✓ Low Interest Rate Make your dream come true today with us Fast Capital Loan ✓ 🇵🇭

■ Financial service

Message

Follow

Search




MLhuillier Lending Finance Solutions

5.4K followers • 14 following

Message Follow Search

US residents can send money to the Philippines thru 20 branches in California & 2 branches in Nevada
Loan service



Fortune Lending Group

403 followers • 98 following

Message Follow Search



PAANO GINAGAWA ANG PANLOLOKO

Batay sa patuloy na imbestigasyon ng SEC, ang mga naturang Facebook pages at online accounts ay:

- Nagpapanggap na rehistrado at awtorisado ng SEC
- Nag-aalok ng mabilis at madaling pautang
- Humihingi ng “processing fee,” “insurance fee,” “verification fee,” o iba pang advance payment
- Hindi naglalabas ng loan matapos makakuha ng bayad

Ito ay isang **ADVANCE FEE SCAM** — isang malinaw na panlilinlang at paglabag sa batas.

MAHALAGANG PAALALA

- **Ang SEC ay HINDI nagbibigay ng loan approval, loan endorsement, o loan guarantee sa anumang pribadong kompanya.**
- **Ang SEC ay HINDI kailanman hihingi ng bayad kapalit ng loan approval.**
- **Ang mga kompanyang ito ay HINDI rehistrado at HINDI lisensyado bilang financing o lending companies.**

MGA POSIBLENG KASO AT PARUSA

Ang mga mapapatunayang sangkot sa ganitong gawain ay maaaring managot sa ilalim ng umiiral na mga batas, kabilang ang:

- Lending Company Regulation Act (RA 9474)
- Financing Company Act (RA 8556)
- Financial Products and Services Consumer Protection Act (RA 11765)
- Cybercrime Prevention Act (RA 10175)
- Data Privacy Act (RA 10173)

Maaari silang patawan ng:

- Cease and Desist Order (CDO);
- Permanenteng pagsasara ng kanilang online lending platform;
- Administratibong penalty; at
- Criminal prosecution.

Ang SEC ay nakikipag-ugnayan sa iba pang law enforcement agencies upang tugisin at papanagutin ang mga responsable.

PAANO MAGSIGURO NA LEHITIMO ANG ISANG LENDING COMPANY

Bago makipagtransaksyon:

- ✓ I-download at gamitin ang **SEC Check App** (Apple App Store / Google Play Store)
- ✓ Suriin ang opisyal na listahan ng recorded Online Lending Platforms sa:
<https://www.sec.gov.ph>

Tanging ang mga kompanyang nasa opisyal na listahan ng SEC ang pinahihintulutang mag-operate ng OLP.

HUWAG MAGPA-BIKTIMA

Kung kayo ay hinihingan ng advance fee kapalit ng loan approval:

- ✗ HUWAG magpadala ng pera
- ✗ HUWAG magbigay ng personal impormasyon
- ✗ I-report agad sa SEC

PARA SA MGA REKLAMO AT ULAT

-  1-4SEC (1-4732)
-  <https://imessage.sec.gov.ph>
-  <https://www.sec.gov.ph>

Pangwakas na Paalala

Ang paggamit ng pangalan at logo ng SEC at ng imahe ng Chairperson upang manloko ay isang seryosong paglabag sa batas. Ang SEC ay nananatiling mahigpit at aktibo sa pagsugpo sa mga iligal na online lending activities.

Maging mapanuri. Maging maingat. Huwag magpaloko.